## KAILANGAN NG TULONG SA PAGHAHANAP NG PROVIDER NG PANGANGALAGA SA BATA O IBA PANG MAPAGKUKUNAN?

211info 2-1-1

- Kontakin ang 211info: **I-DIAL ang 211** nang walang bayad
- I-text ang **CHILDREN** sa **898211**
- Email: **children@211info.org**
- Bisitahin ang **211info.org**

### Matutulungan ka ng kinatawan ng 211info sa:

- Pangangalaga sa bata
- Mga estratehiya para sa paggawi
- Pagiging handa sa paaralan at mga tip
- Pag-unlad sa mga unang taon ng pagkabata
- Stress at kabalisahan sa pamilya
- Mga klase at suporta sa pagpapalaki ng anak
- Lokal na mga grupo para sa paglalaro
- Suporta para sa pagkupkop
- Pangunahing sanggunian ng pamilya…**at marami pang iba!**

Oregon Department of Human Services

Makukuha mo ang liham na ito sa iba pang wika, malaking letra, braille, o isang format na gusto mo. Kontakin ang Employment-Related Day Care sa 503-945-5944. Tinatanggap namin ang lahat ng relay na tawag o puwede mong i-dial ang 711.

**Oregon Department of Human Services**
Office of Self-Sufficiency
500 Summer Street NE E48
Salem OR 97301-1073

DHS 0239 (09/2021) Tagalog

# TULONG SA PANGANGALAGA SA BATA

## PARA SA MGA NAGTATRABAHONG MAGULANG



- Sino ang karapat-dapat?
- Kung paano mag-a-apply
- Kung paano makakahanap ng de-kalidad na pangangalaga sa bata

Oregon Department of Human Services
SELF-SUFFICIENCY PROGRAMS
Employment-Related Day Care

## PUWEDE KANG MAGING KARAPAT-DAPAT PARA SA TULONG SA PANGANGALAGA SA BATA

Makakakuha ng tulong ang mga nagtatrabahong pamilya sa buwanang gastusin at bayarin sa pagpapaparehistro sa pamamagitan ng programang Employment Related Day Care (ERDC). Puwedeng maging kwalipikado ang isang pamilya na may tatlong miyembro na ang kabuuang kita ay wala pang $3,386. Nagbabago kada taon ang mga limitasyon sa kita. Para makita ang kasalukuyang mga limitasyon sa kita, pumunta sa www.oregon.gov/DHS/assistance/CHILD-CARE/Pages/parents.aspx.

Tumutulong ang subsidiya ng ERDC na magbayad para sa mga serbisyo sa pangangalaga sa bata na ibinibigay ng provider na inaprubahan ng ODHS. Kasama sa mga benepisyo ng paggamit ng provider na nakalista sa ODHS ang:

- Nakapasa ang provider sa background check laban sa kriminal at para maprotektahan ang bata.
- Sumailalim ang provider sa nakapagtuturong pagsasanay, gaya ng Introduksyon sa Kalusugan at Kaligtasan na may kinalaman sa Pangangalaga sa Bata.
- Handa ang provider na tumanggap ng bayad mula sa ODHS.



## KUNG PAANO GUMAGANA ANG PROGRAMA

Puwede mong gamitin ang iba't ibang uri ng provider ng pangangalaga sa bata kasama na ang mga sentro o lisensyadong tahanan ng pamilya para sa pangangalaga sa bata. Puwede mong gamitin ang kaibigan o kamag-anak kapag inaprubahan na sila ng ODHS o gumamit ng higit sa isang provider.

Kapag naging karapat-dapat, ang pamilya ay magbabayad ng bahagi ng gastusin sa pangangalaga sa bata sa kanilang provider, tinatawag itong copayment. Nakabase ito sa laki at kita ng pamilya. Dapat ding magbayad ang pamilya ng mga gastusin sa pangangalaga sa bata nang mas mataas kaysa sa maximum na rate ng ODHS. Para makita ang mga halaga ng copay ng pamilya, pumunta sa https://www.oregon.gov/dhs/assistance/child-care/pages/parents.aspx.

## KUNG PAANO MAG-A-APPLY

Puwede kang mag-apply online, bumisita sa inyong lokal na opisina ng ODHS o puwedeng ipadala ng ODHS ang aplikasyon sa iyo at tumawag para magtakda ng interbyu.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng pangangalaga sa bata ng ODHS o para mag-apply online, pumunta sa www.oregon.gov/DHS.

Kung minsan, maaaring wala nang anumang bakante sa programa ng ERDC. Kapag nangyari ito, ilalagay ang mga pamilya sa listahan ng reserbasyon ng ERDC. Magpapasiya ang iyong ODHS worker kung natutugunan mo ang pagbubukod sa listahan.

## PAGSUSURI SA PAG-UNLAD SA MGA UNANG TAON SA PAGKABATA

Kasama sa pagsusuri sa pag-unlad ang mga tanong na nagbibigay ng pangkalahatang ideya kung paano natututo, lumalaki at natutugunan ng mga bata ang mahahalagang pangyayari sa pag-unlad. Tumutulong ang tool sa pagsusuri sa pag-unlad na malaman kung makikinabang ba ang bata mula sa pagsusuri o mga serbisyo para makatulong sa pagkatuto.

Para sa karagdagang impormasyon, magtanong sa doktor ng iyong anak o kontakin ang Early Learning Hub sa inyong lugar. Para sa listahan ng mga lokasyon ng hub, pumunta sa https://oregonearlylearning.com/current-early-learning-hubs/.

## IMPORMASYON NG PROVIDER

Hihingin ng ODHS ang pangalan ng iyong provider ng pangangalaga sa bata kapag nag-apply ka para sa ERDC. Kailangang aprubahan ng ODHS ang mga provider para makatanggap ng bayad.

Kung hindi naaprubahan ang iyong provider, kakailanganin ng iyong provider ang Provider Listing Form. Dapat na magsanay ang mga provider bago sila maaprubahan. Ipinapaliwanag ng Provider Listing Form kung anong pagsasanay ang kailangan.

Ang mga provider na hindi lisensyado at walang kaugnayan sa lahat ng batang inaalagaan ay dapat na makakumpleto ng pagbisita kung saan nagbigay sila ng pangangalaga bago sila maaaring maaprubahan. Kasama dito ang mga kalagayan kung saan ibinigay ang pangangalaga sa tirahan ng bata.



## KUNG PAANO MAKAKAHANAP NG DE-KALIDAD NA PANGANGALAGA SA BATA

Ang pagpili sa pangangalaga sa bata ay isa sa pinakamahalagang pagpili na gagawin ng magulang. Ang de-kalidad na pangangalaga sa bata ay makakatulong sa malusog na pag-unlad ng iyong anak at sa tagumpay niya sa paaralan.

Nag-aalok ang kaayusan ng de-kalidad na pangangalaga sa bata ng iba't ibang aktibidad para sa pag-unlad ng bata na mahalaga para sa pagsulong ng isipan at panghabangbuhay na pagkatuto ng iyong anak.

Ang ilang provider ay may Spark rating. Ang pagiging isang Spark provider ay nagpapakita na sumailalim sa kinakailangang pagsasanay ang provider para tumulong sa mga bata na maghanda at maging matagumpay sa paaralan. Para makahanap ng Spark provider, kontakin ang 211info.

Spark